**PRESIDENT FERDINAND ROMUALDEZ MARCOS JR.'s SPEECH AT THE CEREMONIAL PALAY HARVESTING AND DISTRIBUTION OF VARIOUS ASSISTANCE**

Candaba, Pampanga
February 3, 2024

[00:00:00]
Maraming salamat sa ating Kalihim ng Department of Agriculture, ang ating Secretary, Secretary Kiko Laurel.

Nandito rin po ang ating Kongresista, Pampanga 4th District Representative Anna York Bondoc; [applause] ang mayor ng Candaba, Mayor Rene Estacio Maglanque, [applause] na nagpapakita ng picture matagal na pala kaming magkakakilala. Pero hindi na tayo nakikilala sa picture na iyan. Tumanda na tayo pareho. Ang ating mga nagsasaka, at ang ating mga kasamahan sa pamahalaan, at lahat ng bisita na dumating ngayon. Magandang umaga po sa inyong lahat.

Nagtitipon-tipon po tayo ngayong araw dito sa Candaba, Pampanga upang makiisa sa pag-aani ng palay. Inaasahan natin na ang okasyong ito ay magsisilbing hudyat sa patuloy na paglago hindi lamang ng industriya ng palay kundi maging sa buong sektor ng agrikultura sa susunod na mga buwan.

Nais kong ibahagi sa inyo ang kahanga-hangang tagumpay ng ating sektor ng agrikultura noong nakaraang taon.

Dahil sa ating sama-samang pagsisikap, nagtamo tayo ng tala ng ani noong 2023 na umabot sa mahigit 20 milyong metric ton ng palay. [applause] Ito ay nagpapakita ng 1.5%, isa't kalahating porsyento na pagtaas mula sa nakaraang taon o dagdag na mahigit na tatlong daang libong tonelada ng palay ang naidagdag sa nakaraang taon.

Ang pamamahagi ng mas magandang uri ng binhi at pagbibigay ng malawakang suporta sa pataba ay siyang nagbunga ng positibong resulta na ito. [applause] Sumasailalim *(sic)* [Sumasalamin] po rito sa walang sawang dedikasyon ng ating mga magsasaka at sa matagumpay na pagpapaganap ng mga programa ng Kagawaran ng Pagsasaka.

Ngunit, habang tayo ay nagdiriwang ng ating tagumpay, mahalaga rin na kilalanin natin ang mga hamon na ating haharapin.

[00:02:47]
Nandiyan po ang El Niño na kasalukuyang nagdudulot ng malawakang pinsala at perwisyo sa ating mga pananim at sa ating mga magsasaka. Inaasahan nating titindi pa hanggang sa susunod na buwan ng Pebrero.

Tinatayang aabot po ng hanggang Hunyo nitong taon at patuloy na magdudulot ng malaking banta sa sektor ng agrikultura sa nalalabing buwan ng 2024. Gayunpaman, hindi tayo natatakot; sa halip, buong loob at lakas at sama-sama nating haharapin ang El Niño.

Noong kami ay papunta rito, napapag-usapan namin ni Secretary Laurel paano iyong mga bagong sistema. Galing po kami sa Vietnam, at ang Vietnam napakalaki po ng ani. Doon po tayo bumibili 'pag nag-iimport tayo. 'Pag napipilitan tayong mag-import, karamihan ng importation natin galing sa Vietnam.

Kaya't noong pumunta kami roon, nauna si Secretary Kiko at pinuntahan at inikot niya iyong kanilang mga sakahan at para makita naman kung paano nila ginagawa na ganoon kalaki ang kanilang inaani.

Kaya't noong papunta kami dito ay napag-uusapan naming kung papaano dadagdagan ang patubig, hindi lamang dito sa Candaba sa Pampanga kundi sa buong Pilipinas. Dahil alam naman natin kayong mga magsasaka, nauunawaan ninyo ito nang mabuti na basta't bigas ang pinag-uusapan, basta't palay ang pinag-uusapan, ang patubig ang talagang pampaganda para lahat ng lugar na three croppings na. Hindi lamang doon sa…iyong mga rain-fed ngayon two croppings lang. Dito mabuti may three croppings na kayo. At ang sikreto talaga diyan, ang susi talaga diyan ay 'yung patubig.

Kaya tinitingnan po naming iyon mga sistema na ginagawa, at palagay ko susubukan natin iyong solar-powered irrigation. Maglalagay po tayo ng solar tapos iyon ang gagamitin na kuryente para sa mga bomba. At tinitingnan namin makakatulong kaagad ito dahil ang iniimport natin siguro what, 3.5? Mga 3.5 million tons sa bawat taon.

Kung mabuo mabuo itong aming pinaplano ay lalaki ang ani natin dahil iyong irrigation area, 180,000 hectares more or less ang madadagdagan sa irrigable land at makakapag-third cropping ay mga 1.2 million tons, pag nabuo na natin. Ngunit sisimulan pa lang natin.

Ngunit iyan talaga ang sagot sa ating mga nagiging problema. Hindi lamang sa bagyo, hindi lamang sa mga El Niño, kung hindi pati na sa pag-transport ng ating mga ani.

[00:06:07]
At napag-uusapan din namin pati mga puerto para hindi na malayo ang pinupuntahan para makapag-transport ng inyong sinaka. Kaya't iyan po ang aming pinaplano upang pagandahin pa ang sitwasyon natin sa sektor ng agrikultura.

Patuloy nating palakasin at pag-ibayuhin ang mga tulong para sa mga apektadong lugar at mamamayan. Ilan sa mga hakbang na ginagawa natin ngayon ay ang paglikha ng mga binhing umaayon sa pagbabagong klima, gayundin ang pagsasagawa ng climate risk assessment para sa mga nasalantang pamayanan.

Kayong magsasaka ramdam na ramdam ninyo iyong tinatawag na climate change. Kaya't kailangan natin pag-aralan natin ng mabuti kung mayroon ibang mga variety na pinag-aaralan baka maaaring gamitin kapag masyadong malakas… pagka nabagyo, kapag masyadong malakas ang ulan, kapag naman walang ulan ay umaasa sa ating irrigation.

Patuloy din nating isinusulong ang mga imprastrakturang magpapatatag sa ating mga sakahan sa panahon ng kalamidad.  Kasabay din nito ang pagbibigay sa mga mangingisda at magsasaka ang mga paalala at maagang babala upang maiwasan ang matinding pinsala sa mga pananim.

Ngayong taon, palalawakin din natin ang patubig para sa mga sakahan sa pamamagitan ng Philippine – ito iyong sinasabi ko, Philippine Solar Irrigation Project – na mga small-scale irrigation project upang mapataas ang produksyon at kita ng ating mga magsasaka. Ito po iyong bawat isang yunit ay makakapagpatubig ng dalawampung ektarya. [applause]

Siguro mag-aano tayo ng— maglalagay tayo. Libu-libo itong aming pinaplano na ilalagay at iniisip na nga namin kung papaano sa budget, kung saan kukunin. At lahat ng tinatawag na supply chain, kung saan ang dinadaanan, pag-inaani ninyo, isasakay niyo, pati iyong processing.

Nakita naman natin dito ang ganda-ganda ng rice field ninyo, pero wala kayong processing. Kaya't Bulacan pa yata pinapadala, ano? Kaya't iyon ang dapat nating unahin din, ang mechanization, [applause] para dito na kayo mag-processing. Ang pinagbibili na ninyo bigas na, hindi na palay. At nasa sa inyo iyong kaunting kita ay maiiwan dito sa Candaba, maiiwan dito sa Pampanga. Hindi na mapupunta sa ibang lugar. [applause]

[00:09:18]
Ganyan ang aming ginagawa dahil small-scale. Marami naman tayong mga halimbawa na nakita sa iba't ibang bansa na maaari nating gayahin na bagay naman sa Pilipinas. Ito iyong mga bagay-bagay na iyan.

At bukod pa rito, naglaan tayo ng tatlumpu't-isang bilyong piso sa ilalim ng National Rice Program para sa taong 2024 upang pag-ibayuhin ang ating mga programa tulad ng production support, extension services, research and development at, syempre, iyong irrigation network services.

Patuloy rin nating gagamitin ang pondo mula sa Rice Competitive *[sic]* [Competitiveness] Enhancement Fund upang palakasin ang hanay ng ating mga manggagawa at magsasaka. Malaking bahagi ng pondong ito ay gagamitin sa pamamahagi ng makinarya tulad ng tiller, tractors, seeder, threshers, rice planters, reaper, drier, at marami pang iba.

Naglaan din tayo ng pondo para sa pagbibigay ng dagdag na puhunan para sa ating mga magsasaka. Ito ay pangangasiwaan ng Land Bank of the Philippines at ang DBP, Development Bank of the Philippines.

At sa pangunguna naman ng PhilMech, PhilRice, Agricultural Training Institute, at TESDA, patitibayin natin ang kasanayan ng ating mga Pilipino sa modernong pagsasaka.

Sa aming palagay, sa mga hakbang na ito, naniniwala naman kami makakamit natin hindi lamang ang pag-angat ng antas ng buhay ng mga magsasaka, kundi pati na rin ang modernisasyon ng sektor ng agrikultura.

Sa ating mga minamahal na nagsasaka, ang inyong dedikasyon, sakripisyo at sipag ay tunay na nagsisilbing inspirasyon sa ating lahat. Ang inyong mga kamay na masigasig na nagbubungkal ng lupang inyong sinasaka, ang siyang nagbibigay ng buhay at sigla sa ating sambayanan. At ang bawat butil ng palay na inyong tinatanim ang siyang tutubo at magsisilbing haligi ng ating mas matatag at mas masaganang bukas.

Kaya't asahan ninyo na sasamahan kayo ng ating pamahalaan sa inyong pagsisikap ng makamit ninyo ang lahat ng inyong mithiin at mga pangarap.

Ang ating pagtutulungan na mapaunlad ang ating sektor ng agrikultura ay isa lamang sa mga pangunahing hakbang tungo sa pagbuo ng isang Bagong Pilipinas — kung saan walang nagugutom at ang lahat ay masigabong kumikilos para sa mas masaganang kinabukasan.

Mabuhay kayong mga magsasaka! [applause]

Mabuhay ang Bagong Pilipinas!

Maraming salamat po. Magandang umaga po sa inyong lahat. [applause]
[00:12:15]

***